

Pinakahuling kautusan sa pag-aresto sa karahasan sa tahanan
Batas sa Krimen 2007 (Karahasan sa Tahanan at sa Tao)



Kailangan mong sundin ang mga kautusang nasa ibaba. Isang paglabag sa batas ang hindi pagsunod sa mga kautusang ito. Maaari kang arestuhin ng pulis at kasuhan at dalhin sa hukuman. Kung ikaw ay napatunayan sa hukuman na nagkasala, maaari kang mabilanggo nang hanggang 2 taon at pagmultahin nang hanggang \$ 5,500.

Maaari ka ring kasuhan at dalhin sa hukuman dahil sa iba pang mga pagkakasalang kriminal. Kung ikaw ay napatunayan sa hukuman na lumabag dito, maaari kang tumanggap ng mas mabigat na kaparusahan.

Dapat mong sundin ang mga kautusang ito hanggang sa petsa na nakasaad dito.

Ang Kautusan ay ginawa upang pangalagaan ang mga taong pinangalanan dito.

Dapat mong sundin ang mga utos na ito kahit pa hindi gusto ng protektadong tao na pinangalanan dito na gawin mo ito o sinabi sa iyo na hindi mo kailangang gawin ito. Kung tatangkain mong gawin ang alinman sa mga bagay na nasa ilalim, ito ay paglabag pa rin sa batas at tinatawag na pagsira sa kautusan.

Mga Kautusan tungkol sa pagkilos

1. Hindi mo dapat gawin sa protektadong mga tao, o sinumang karelasyon nila sa bahay ang alinman sa sumusunod:
 - A) atakihin o bantaan ang mga ito,
 - B) sundan sila nang palihim, gipitin o takutin, at
 - C) sadyain o walang pakundangang manira o maminsala ng anumang ari-arian na pag-aari o hawak ng protektadong tao

Halimbawa:

- Hindi mo dapat gawin ang alinman sa mga bagay na ito nang personal, sa pamamagitan ng ibang tao, o sa pamamagitan ng elektronikong komunikasyon at mga aparato (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono, mga mensahe sa text, mga email, Facebook o iba pang social media, o GPS tracking).
- Hindi mo dapat gawin o sabihin ang anumang bagay na maaaring lumikha ng takot sa protektadong tao, o makaramdam na sasaktan mo sila o sisirain ang kanilang mga ari-arian sa anumang paraan, kabilang ang anumang ari-arian at mga alagang hayop na pag-aari ninyong dalawa.

Mga kautusan tungkol sa pakikipag-ugnay

2. Hindi mo dapat lapitan ang protektadong tao o makipag-ugnay sa kanila sa anumang paraan, maliban kung ang ugnayan ay sa pamamagitan ng isang abogado.



Pinakahuling kautusan sa pag-aresto sa karahasan sa tahanan *Batas sa Krimen 2007 (Karahasan sa Tahanan at sa Tao)*



Halimbawa:

- Hindi mo dapat lapitan o kontakin ang protektadong tao nang personal o sa pamamagitan ng elektronikong komunikasyon (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono, mga mensahe sa text, mga email, o Facebook o iba pang social media), o sa anumang paraan, kabilang ang paghingi ng tulong kaninuman na kontakin sila.
- Kung kinontak ka ng protektadong tao at ikaw ay sumagot, kahit gaano karaming beses silang makipag-ugnayan sa iyo o anuman ang dahilan nito, ikaw ay **lumalabag** sa kautusang ito.

3. Hindi ka dapat lumapit sa:

- sa paaralan o saanmang lugar na maaaring puntahan ng protektadong tao para mag-aral,
- saanmang lugar na maaari nilang puntahan para sa pag-aalaga ng bata (childcare), o
- saanmang lugar na nakalista sa kautusan.

Halimbawa:

- Hindi ka dapat lumapit sa mga lugar na ito nang personal,
- Ito rin ay nangangahulugan na hindi ka maaaring dumalo sa mga pagtitipon sa paaralan, sa mga natatanging kaganapan sa paaralan o sa mga gabi para sa mga magulang at guro na ginaganap sa paaralan.

4. Hindi ka dapat lumapit o sumama sa protektadong tao nang kahit 12 oras man lamang matapos uminom ng alak o gumamit ng ipinagbabawal na gamot.

Halimbawa:

- Hindi ka dapat lumapit o sumama sa protektadong tao nang kahit 12 oras man lamang matapos uminom ng alak o gumamit ng ipinagbabawal na gamot. Halimbawa, kung ang iyong huling pag-inom ay alas-9 ng gabi, hindi mo sila maaaring lapitan, ang kanilang bahay o kanilang pinagtatrabahuhan hanggang sa alas 9:00 ng umaga kinabukasan. Kung kayo ay magkasama sa isang tirahan, ito ay nangangahulugan na dapat kang humanap ng ibang lugar kung saan ka mananatili hanggang 12 oras.
- Hindi ka dapat uminom ng alak o gumamit ng ipinagbabawal na gamot habang kasama ang protektadong tao
- Dapat kang manatiling nasa malayo kahit sabihin pa nila sa iyong huwag gawin ito.

5. Hindi mo dapat tangkaing hanapin ang protektadong tao maliban kung iniutos ng hukuman.

Halimbawa:

- Hindi mo dapat tangkain at hanapin ang protektadong tao sa pamamagitan ng elektronikong komunikasyon (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono, mga email, mga mensahe sa text, o Facebook o iba pang social media), sa internet o magtanong kaninuman tungkol sa kanilang kinaroroonan.



Pinakahuling kautusan sa pag-aresto sa karahasan sa tahanan
Batas sa Krimen 2007 (Karahasan sa Tahanan at sa Tao)



Mga Kautusan tungkol sa batas pampamilya at pagiging magulang

6. Hindi mo dapat lapitan ang protektadong tao o makipag-ugnayan sa kanila sa anumang paraan, maliban kung ang kontak ay:
- A) sa pamamagitan ng isang abogado, o
 - B) pagdalo sa pagpapayong akreditado o pinayagan ng hukuman, pamamagitan at/o pagkakasundo, o
 - C) gaya ng inutos ng hukumang ito o ibang hukuman tungkol sa kontak sa bata/mga bata, o
 - D) gaya ng napagkasunduan sa sulat sa pagitan mo at ng (mga) magulang tungkol sa kontak sa bata/mga bata,
- o
- E) gaya ng napagkasunduan na nakasulat sa pagitan mo at ng (mga) magulang at ng taong may pananagutan sa bata/mga bata bilang magulang tungkol sa kontak sa bata/mga bata,

Halimbawa:

- Hindi mo dapat lapitan o kontakin ang protektadong tao nang personal o sa pamamagitan ng elektronikong komunikasyon (halimbawa, sa pamamagitan ng telepono, mensahe sa text, email, o Facebook o iba pang social media) o sa pamamagitan ng iba pang paraan, kabilang ang paghiling sa ibang tao na kontakin sila.
- Kung kinontak ka ng protektadong tao at ikaw ay sumagot, kahit gaano karaming beses silang makipag-ugnayan sa iyo o anuman ang dahilan ng paggawa nito, ikaw ay **lumalabag** sa kautusang ito at **maaari kang managot sa hukuman**.
- Kung ikaw ay may kautusan mula sa batas pampamilya o iba pang utos ng hukuman na may kaugnayan sa pag-aalaga ng inyong anak/mga anak, dapat kang makipag-ugnay sa isang abogado kung hindi ka sigurado kung ano ang mga maaari at hindi mo maaaring gawin.

For (B): Para sa mga usapin sa batas pampamilya, ang ibig sabihin ng akreditado ay akreditado sa ilalim ng *Batas sa Pamilya 1975*.

For (E): Halimbawa, kung ikaw at ang protektadong tao ay mayroong anak/mga anak ngunit ibang tao ang may pananagutan bilang magulang sa inyong anak/mga anak, kailangan ninyo ring kunin ang kanilang pagsang-ayon na nakasulat tungkol sa pagkontak sa mga anak/mga anak. Ang iba pang tao ay maaaring isang kinatawan ng Ministro para sa Pamilya at Serbisyong Pangkomunidad, isang legal na tagapag-alaga na itinalaga ng isang utos ng hukuman o ng umampong magulang.

Mga Kautusan tungkol sa mga lugar na hindi mo maaaring puntahan

7. Hindi ka dapat tumira:
- A) sa address na kapareho ng protektadong tao, o
 - B) saanmang lugar na nakalista sa kautusan.



Justice

Pinakahuling kautusan sa pag-aresto sa karahasan sa tahanan *Batas sa Krimen 2007 (Karahasan sa Tahanan at sa Tao)*



Halimbawa:

- Kung ikaw ay nakatira sa address na ito at kailangan mong kunin ang anumang mga ari-arian, maaari kang mag-aplay sa hukuman para sa isang Kautusan upang mabawi ang iyong ari-arian, na tinatawag na Pagbawi ng Ari-arian (Property Recovery Order) o maaari kang makipag-ugnay sa pulisya.

8. Hindi ka dapat pumunta sa:

- A) saanmang lugar na tinitirhan ng protektadong tao, o,
- B) saanmang lugar na pinagtatrabahuhan nila, o,
- C) saanmang lugar na nakalista sa kautusan.

Halimbawa:

- Hindi ka pinapayagang pumunta sa loob ng hangganan ng mga lugar na iton.
- Kung ikaw ay nakatira sa address na ito at kailangan mong kunin ang anumang mga ari-arian, maaari kang mag-aplay sa hukuman para sa isang Kautusan sa Pagbawi ng Ari-arian (Property Recovery Order) o maaari kang makipag-ugnay sa pulisya.

9. Hindi ka dapat pumunta sa loob ng ilang metro na nakasaad sa kautusan ng:

- A) saanmang lugar na tinitirhan ng protektadong tao, o,
- B) saanmang lugar na pinagtatrabahuhan nila, o,
- C) saanmang lugar na nakalista sa kautusan.

Halimbawa:

- Hindi ka pinapayagang pumunta sa loob ng 100 metro mula sa hangganan ng mga lugar na ito.
- Kung ikaw ay nakatira sa address na ito at kailangan mong kunin ang anumang mga ari-arian, maaari kang mag-aplay sa hukuman para sa isang Kautusan sa Pagbawi ng Ari-arian (Property Recovery Order) o maaari kang makipag-ugnay sa pulisya.

Mga kautusan tungkol sa mga armas

10. Hindi ka dapat magtaglay ng anumang uri ng baril o armas na hindi pinahihintulutan, gaya ng nakalista sa Batas na Nagbabawal ng Armas (Weapons Prohibitions Act) 1998.

Halimbawa:

- Dapat mong isuko sa pulis ang lahat ng iyong mga baril at armas na hindi pinahihintulutan gaya ng nakalista sa Weapons Prohibitions Act 1998. May iba pang pagkakasalang kriminal ang pagtatabi ng mga ito. Tanungin ang opisyal ng pulisya kung hindi ka sigurado tungkol sa uri ng armas na hindi mo dapat taglayin.

Iba pang mga kautusan

11. Ang Pulisya o Hukuman ay maaaring gumawa ng iba pang mga kautusan na partikular sa iyo o sa iyong pamilya.



Pinakahuling kautusan sa pag-aresto sa karahasan sa tahanan
Batas sa Krimen 2007 (Karahasan sa Tahanan at sa Tao)



Karamihan ng mga relasyon ay walang takot, panunupil o karahasan. Ang iyong mga ikinikilos ay hindi katanggap-tanggap. Mayroon ka na ngayong isang kautusan na kailangan mong sundin. Ang kautusang ito ay nasa sistema ng kompyuter ng pulisya ng NSW.

Ang karahasan sa tahanan ay nakakaapekto at nakakasakit sa lahat. Kapag ang mga bata ay nailantad sa karahasan sa tahanan, mas malamang na makaranas sila ng depresyon, pagkabalisa at agresyon, at maaaring mahirapan sa pag-aaral.

Isang pagkakataon ito para sa iyo upang magbago.

Kung nais mong makipag-usap sa isang tao tungkol sa pamamahala ng iyong damdamin o stress, may tulong na makukuha. Tumawag sa:

- Men's Referral Service sa 1300 766 491
- Relationships Australia sa 1300 364 277
- The Parent Line sa 1300 1300 52.

Kung hindi mo susundin ang *sinasabi* ng kautusan:

- Maaari kang mabilanggo nang hanggang 2 taon at magmula ng hanggang \$ 5,500.
- Maaari kang kasuhan at sampahan sa hukuman ng iba pang mga pagkakasalang kriminal (halimbawa, pag-atake o pananakot), pati na rin ang mga paglabag sa kautusang ito. Kung napatunayan ng hukuman na mayroon kang pagkakasala, maaari kang bigyan ng mas mataas na parusa, tulad ng mas matagal na pagkabilanggo.

Dalhin kaagad sa pulisya ang lahat ng mga baril at armas na hindi pinahihintulutan gaya ng nasa listahan sa Weapons Prohibitions Act 1998, kasama ang mga kaugnay na mga lisensya at permit na taglay mo. Kapag itinabi mo ang alinman sa mga ito, lumalabag ka sa kautusang ito at maaari ka ring kasuhan ng iba pang mga pagkakasalang kriminal.

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa kautusan, maaari mong kontakin ang:

- isang abogado
- Tulong sa Batas NSW (Legal Aid NSW) sa (02) 9219 5000
- Lokal na Istasyon ng Pulisya at hilinging makausap ang Domestic Violence Liaison Officer (kung ikaw ang protektadong tao)
- Law Access NSW sa 1300 888 529 or www.lawaccess.nsw.gov.au
- Mga Serbisyo sa Pag-interpretate sa 131 450 or www.tisnational.gov.au.



Justice